

Basic Conditions

Mga Basic na Kundisyon.

May access ba ang anak mo sa pinakabagong curriculum, mga aklat at materyales?

Ang paaralan ba ng anak mo ay ligtas, malinis na kapaligirang na nagpapayaman sa pag-aaral?

Ang mga sagot sa mga tanong na ito ay sumasailalim sa indikasyon ng pagganap ng “Mga Basic na Kundisyon ng Pag-aaral” ng Dashboard ng Paaralan sa California. Ang Dashboard ay isang online tool na tumutulong sa ating maunawaan kung paano gumaganap ang mga paaralan at distrito, at kung saan maaaring kailanganin ang pagpapabuti.

Malapitan nating tingnan ang indikasyon ng Mga Basic na Kundisyon, at tingnan kung paano susukatin ang nakamit ng distrito ng paaralan niyo.

Ang indikasyon ng Mga Basic na Kundisyon ay sumusukat sa distrito ng paaralan bilang kabuuan, at itinatampok ang mahahalagang pangangailangan ng mag-aaral para sa mataas na kalidad na pag-aaral at pagtuturo. Tinitignan ng indikasyong ito ang mga silid-aralan para masiguro na mayroon silang mga gurong may tamang kredensiyal na nailagay sa mga tamang larangan ng paksa; ang mga materyales sa pagtuturo, tulad ng mga aklat at leksiyon, na inaprubahan ng inyong Lupon ng Edukasyon ay nakaayon sa curriculum; at kung may access ang mga mag-aaral sa ligtas, malinis at gumaganang mga pasilidad ng paaralan.

Kapag tinatasa kung natutugunan ng distrito ang Mga Basic na Kundisyon, nakakatanggap ito ng isa sa tatlong marka: natugunan, hindi natutugunan, o hindi natugunan nang dalawa o mas marami pang taon. Ang distrito na nakatugon sa indikasyon sa Mga Basic na Kundisyon ay nag-ulat sa mga kuwalipikasyon ng mga tagapagturo nito, mga kundisyon ng mga pasilidad nito, at pag-ayon ng mga panturong materyales sa mga pamantayan na aprubado ng estado.

Ang indikasyon ng Mga Basic na Kundisyon, kabilang ng mga ibang indikasyon sa pagganap, ay bahagi ng Dashboard ng Paaralan sa California na humihigit pa sa mga marka ng pagsusulit para magbigay ng mas kumpletong larawan kung paano natutugunan ng mga paaralan at distrito ang mga pangangailangan ng aming mga mag-aaral.

Para matuto pa tungkol sa Dashboard ng Paaralan sa California at mga indikasyon nito, pumunta sa acoef.org at hanapin ang “dashboard.”

Parent Engagement

Pakikipag-unayan sa Magulang.

Hinihingi ba ng distrito ng paaralan ng anak niyo ang inyong pananaw sa pagpapasya?

Hinihikayat ba ng distrito ng paaralan ang pakikipag-ugnayan sa magulang sa mga programa?

Ang mga sagot sa mga tanong na ito ay sumasailalim sa indikasyon ng pagganap ng “Pakikipag-ugnayan sa Magulang” ng Dashboard ng Paaralan sa California. Ang Dashboard ay isang online tool na tumutulong sa ating maunawaan kung paano gumaganap ang mga paaralan at distrito, at kung saan maaaring kailanganin ang pagpapabuti.

Malapitan nating tingnan ang indikasyon ng indikasyon ng Pakikipag-ugnayan ng Magulang, at tingnan kung paano susukatin ang nakamit ng distrito ng paaralan niyo.

Ang indikasyon ng Pakikipag-ugnayan sa Magulang ay tumitingin sa inyong distrito ng paaralan para makita kung kailangan nila ng pananaw ng magulang sa proseso ng lokal na pagpapasya at kung itinataguyod nila ang partisipasyon ng magulang sa mga programa. Ang paghingi ng pananaw sa pamamagitan ng mga survey, paghahandog ng mga workshop sa iba't ibang paksang kaugnay ng edukasyon at pag-unlad ng anak niyo at pagpapayaman sa partisipasyon ng magulang at tagapag-alaga sa mga lokal na pulong ng lupon para sa pamamahala ay lahat ay mga paraan kung paano matutugunan ng distrito ang mga inaatas ng indikasyong ito.

Kapag tinatasa kung natutugunan ng distrito ang Pakikipag-ugnayan sa Magulang, nakakatanggap ito ng isa sa tatlong marka: natugunan, hindi natutugunan, o hindi natugunan nang dalawa o mas marami pang taon. Ang distrito na nakatugon sa indikasyon sa Pakikipag-ugnayan sa Magulang ay nagbigay ng impormasyon kung paano nagkaroon ang mga pamilya ng pagkakataong magbigay ng pananaw, paano isinasagawa ang mga pagpasya sa lebel ng lugar at distrito, at anong mga programa ang naroon para sa pagtataguyod ng kaugnayan ng pamilya sa iba't ibang programang inihahandog ng distrito.

Ang indikasyon ng Pakikipag-ugnayan sa Magulang, kabilang ng mga ibang indikasyon sa pagganap, ay bahagi ng Dashboard ng Paaralan sa California na humihigit pa sa mga marka ng pagsusulit para magbigay ng mas kumpletong larawan kung paano natutugunan ng mga paaralan at distrito ang mga pangangailangan ng aming mga mag-aaral.

Para matuto pa tungkol sa Dashboard ng Paaralan sa California at mga indikasyon nito, pumunta sa acoef.org at hanapin ang “dashboard.”

Implementation of Academic Standards

Pagpapatupad ng Mga Akademikong Pamantayan.

Ibinibilang ba ng distrito ng paaralan ng anak niyo ang pamantayan ng estado ng California sa mga pang-araw-araw na leksiyon?

Pinadadali ba ng distrito ng paaralan niyo na makita kung anong mga pamantayan ang kailangan ng anak niyong matugunan upang magtagumpay at akademikong umunlad?

Tinutugunan ang mga tanong na ito ang indikasyon ng pagganap ng “Pagpapatupad ng Mga Akademikong Pamantayan” ng Dashboard ng Paaralan sa California. Ang Dashboard ay isang online tool na tumutulong sa ating maunawaan kung paano gumaganap ang mga paaralan at distrito, at kung saan maaaring kailanganin ang pagpapabuti.

Malapitan nating tingnan ang indikasyon ng Pagpapatupad ng Mga Akademikong Pamantayan, at tingnan kung paano susukatin ang nakamit ng distrito ng paaralan niyo.

Ang indikasyon ng Pagpapatupad ng Mga Akademikong Pamantayan ay tumitingin sa kung mayroon o kung walang progreso ang distrito niya patungo sa pagpapatupad ng mga pamantayan sa akademiko ng estado para sa:

- Sining ng Wikang Ingles, Pag-unlad ng Wikang Ingles at Matematika
- at
- Susunod na Henerasyong Agham

At mga pamantayan sa nilalaman sa:

- Kasaysayan/Panlipunang Agham
- Teknikal na Edukasyon sa Karera
- Pangkalusugang Edukasyon
- Pisikal na Edukasyon
- Visual at Performing Arts, at
- Wika ng Mundo

Kapag tinatasa kung natutugunan ng distrito ang indikasyon ng Pagpapatupad ng Mga Akademikong Pamantayan, nakakatanggap ito ng isa sa tatlong marka: natugunan, hindi natutugunan, o hindi natugunan nang dalawa o mas marami pang taon. Ang distrito na nakatugon sa indikasyon ng Akademikong Pamantayan ay nag-ulat sa progreso sa pagpapatupad ng “mataas na kalidad na curriculum.”

Ang indikasyon ng Pagpapatupad ng Mga Akademikong Pamantayan, kabilang ng mga ibang indikasyon sa pagganap, ay bahagi ng Dashboard ng Paaralan sa California na humihigit pa sa mga marka ng pagsusulit para magbigay ng mas kumpletong larawan kung paano natutugunan ng mga paaralan at distrito ang mga pangangailangan ng aming mga mag-aaral.

Para matuto pa tungkol sa Dashboard ng Paaralan sa California at mga indikasyon nito, pumunta sa acoef.org at hanapin ang “dashboard.”

School Climate

Klima ng Paaralan.

Ligtas ba ang pakiramdam ng anak mo sa paaralan?

Ramdam mo bang ikaw ay konektado at tanggap sa komunidad ng paaralan mo?

Ang mga tanong na ito ay sumasailalim sa indikasyon sa pagganap ng “Klima ng Paaralan” ng Dashboard ng Paaralan sa California. Ang Dashboard ay isang online tool na tumutulong sa ating maunawaan kung paano gumaganap ang mga paaralan at distrito, at kung saan maaaring kailanganin ang pagpapabuti.

Malapitan nating tingnan ang indikasyon ng Klima ng Paaralan, at tingnan kung paano susukatin ang nakamit ng distrito ng paaralan niyo.

Ang Klima ng Paaralan ay tumitingin kung o kung hindi rutinang sine-survey ng inyong distrito ng paaralan ang mga mag-aaral para matukoy kung gaano kaligtas ang pakiramdam nila sa kanilang paaralan, at gaanong konektado ang nararamdaman nila sa komunidad ng kanilang paaralan. Tutukuyin ng mga survey na ito ang mga lakas, paghamon at lugar sa pag-unlad upang makagawa ang mga distrito ng mga plano para mas mabuting matugunan ang mga pangangailangan ng mag-aaral.

Kapag tinatasa kung natutugunan ng distrito ang indikasyon ng Klima ng Paaralan, nakakatanggap ito ng isa sa tatlong marka: natugunan, hindi natutugunan, o hindi natugunan nang dalawa o mas marami pang taon. Ang distrito na nakatugon sa indikasyon ng Klima ng Paaralan ay nag-ulat ng impormasyon sa nararamdaman ng mga mag-aaral sa mga usaping pangkaligtasan at kung naniniwala sila na ang kanilang mga paaralan ay mga positibong kapaligiran sa pag-aaral.

Ang indikasyon ng Klima ng Paaralan, kabilang ng mga ibang indikasyon sa pagganap, ay bahagi ng Dashboard ng Paaralan sa California na humihigit pa sa mga marka ng pagsusulit para magbigay ng mas kumpletong larawan kung paano natutugunan ng mga paaralan at distrito ang mga pangangailangan ng aming mga mag-aaral.

Para matuto pa tungkol sa Dashboard ng Paaralan sa California at mga indikasyon nito, pumunta sa acoef.org at hanapin ang “dashboard.”

Broad Course of Study

Malawak na Kurso ng Pag-aaral.

Sinisiguro ba ng distrito ng paaralan niyo ang edukasyon para sa lahat ng mag-aaral na mabuting sumasaklaw sa maraming larangan?

Naghahandog ba ang paaralan ng anak niyo ng mga klase sa mga core na paksa tulad ng matematika, agham, at Ingles, pati na mga elektibong tulad ng performance o visual arts at Teknikal na Edukasyon sa Karera?

Ang mga sagot sa mga tanong na ito ay sumasailalim sa indikasyon ng pagganap ng “Malawak na Kurso ng Pag-aaral” ng Dashboard ng Paaralan sa California. Ang Dashboard ay isang online tool na tumutulong sa ating maunawaan kung paano gumaganap ang mga paaralan at distrito, at kung saan maaaring kailanganin ang pagpapabuti.

Malapitan nating tingnan ang indikasyon ng Malawak na Kurso ng Pag-aaral, at tingnan kung paano susukatin ang nakamit ng distrito ng paaralan niyo.

Tinitingnan ng indikasyon ng Malawak na Kurso ng Pag-aaral kung o kung hindi ang mga mag-aaral sa distrito ng paaralan ay may access sa at naka-enroll sa isang programang mabuting sumasaklaw sa maraming larangan na may kasamang magkakaibang listahan ng mga kurso na maaaring mahanap sa Kodigo ng Edukasyon ng California.

Para sa baitang 1 hanggang 6, kasama sa mga inaatas na kurso ang agham, Ingles, matematiko, panlipunang agham, at visual at performing arts, at kalusugan at pisikal na edukasyon.

Kasama sa mga kurso sa baitang 7 hanggang 12 ang mga wika ng mundo, applied na sining at Teknikal na Edukasyon sa Karera, bilang dagdag sa mga kurso na sumasailalim sa inaatas sa A hanggang G para sa admission sa kolehiyo ng California.

Kapag tinatasa kung natutugunan ng distrito ang indikasyon ng Malawak na Kurso ng Pag-aaral nakakatanggap ito ng isa sa tatlong marka: natugunan, hindi natutugunan, o hindi natugunan nang dalawa o mas marami pang taon. Ang distrito na nakatugon sa indikasyon ng Malawak na Kurso ng Pag-aaral ay nag-ulat kung di lang kasama ng kanilang curriculum ang mga core na paksa tulad ng matematika at Ingles, pati rin mga klaseng tulad ng pagkakarapintero, pagguhit, Pranses at nutrisyon upang ang lahat ng bata ay makatanggap ng edukasyong mabuting sumasaklaw sa maraming larangan.

Ang indikasyon ng Malawak na Kurso ng Pag-aaral, kabilang ng mga ibang indikasyon sa pagganap, ay bahagi ng Dashboard ng Paaralan sa California na humihigit pa sa mga marka ng pagsusulit para magbigay ng mas kumpletong larawan kung paano natutugunan ng mga paaralan at distrito ang mga pangangailangan ng aming mga mag-aaral.

Para matuto pa tungkol sa Dashboard ng Paaralan sa California at mga indikasyon nito, pumunta sa acoef.org at hanapin ang “dashboard.”

College and Career

Kolehiyo at Karera.

Handa na ba ang mga mag-aaral sa distrito ng inyong paaralan para sa mga oportunidad sa kolehiyo at karera?

Itinatakda ba ng paaralan ng anak niyo ang lahat ng mag-aaral para sa tagumpay makalipas ang pagtatapos o ang mga marka ba ng distrito ng paaralan niyo sa kahandaan sa kolehiyo at karera ay mas mataas lang sa mga partikular na pangkat ng mag-aaral?

Ang mga sagot sa mga tanong na ito ay sumasailalim sa indikasyon ng pagganap ng “Kolehiyo at Karera” ng Dashboard ng Paaralan sa California. Ang Dashboard ay isang online tool na tumutulong sa ating maunawaan kung paano gumaganap ang mga paaralan at distrito, at kung saan maaaring kailanganin ang pagpapabuti.

Malapitan nating tingnan ang indikasyon ng Kolehiyo at Karera, at tingnan kung paano susukatin ang nakamit ng distrito ng paaralan niyo.

Ipinapakita ng indikasyon ng Kolehiyo at Karera ang porsiyento ng mga mag-aaral na hinanda para sa kolehiyo at karera para sa pagtatapos. Sinusukat ito ng mga paaralan at mga distrito ng paaralan sa pamamagitan ng pagtingin sa ilang mga salik tulad ng: ilang mag-aaral ang matatas sa ibang wika pati na sa Ingles, ilang mag-aaral ang pumapasa sa ika-11 baitang na pagsusulit sa Mas Ismarteng Balanseng Ingles at Matematika, ilang mag-aaral ang pumapasa sa mga kursong nasa antas ng kolehiyo at mga eksaminasyon at nagtatapos ng mga daan sa karera, at ilan ang lumalahok sa mga programa sa pamumuno at agham ng militar na tulad ng Junior ROTC.

Para sa Indikasyon ng Kolehiyo at Karera, minamarkahan ng estado ng California ang pagganap ng paaralan at distrito sa iskala ng kulay na mula asul hanggang pula – na ang asul ay ang pinakamataas na pagganap at ang pula ang pinakamababa. Ang markang asul ay nangangahulugan na ang paaralan o ang distrito ay nakapagpanatili o nakakamit ng mataas na proporsiyon ng mga mag-aaral na naghanada para sa kolehiyo at karera makalipas ang pagtatapos.

Ang mga distrito na kailangang gumawa ng mga pagpapabuti sa pamamaraang ito ay nakikipagtulungan sa tanggapan ng county ng edukasyon sa prosesong tinatawag na Differentiated na Pagtulong. Tinutugunan ng prosesong ito ang mga pangunahing paghamon upang ang mga distrito ay magprogreso sa paninilbihan sa mga mag-aaral sa lugar na ito.

Ang indikasyon ng Kolehiyo at Karera, kabilang ng mga ibang indikasyon sa pagganap, ay bahagi ng Dashboard ng Paaralan sa California na humihigit pa sa mga marka ng pagsusulit para magbigay ng mas kumpletong larawan kung paano natutugunan ng mga paaralan at distrito ang mga pangangailangan ng aming mga mag-aaral.

Para matuto pa tungkol sa Dashboard ng Paaralan sa California at mga indikasyon nito, pumunta sa acoef.org at hanapin ang “dashboard.”

Graduation Rate

Antas ng Pagtatapos.

Sinisiguro ba ng paaralan ng anak mo na makumpleto ng mga mag-aaral ang kailangang trabaho para makapagtapos ng mataas na paaralan sa loob ng lima na taon?

Ang antas ba ng pagtatapos para sa lahat ng mag-aaral sa distrito ng paaralan niyo ay patuloy na bumubuti o ang mga antas ay mas mataas sa mga partikular na pangkat ng mga mag-aaral?

Ang mga sagot sa mga tanong na ito ay sumasailalim sa indikasyon ng pagganap ng “Antas ng Pagtatapos” ng Dashboard ng Paaralan sa California. Ang Dashboard ay isang online tool na tumutulong sa ating maunawaan kung paano gumaganap ang mga paaralan at distrito, at kung saan maaaring kailanganin ang pagpapabuti.

Malapitan nating tingnan ang indikasyon ng Antas ng Pagtatapos, at tingnan kung paano susukatin ang nakamit ng distrito ng paaralan niyo.

Ang indikasyon ng Antas ng Pagtatapos ay batay sa porsiyento ng mga mag-aaral na nagtatapos na may regular na diploma para sa mataas na paaralan sa loob ng lima na taon. Para kaklulahin ang antas, inihahambing ng mga paaralan at distrito ang kasalukuyang porsiyento ng pagtatapos sa porsiyento mula sa nakaraang taon. Nirerepaso ng mga paaralan at distrito ang mga antas na ito sa paglipas ng panahon, at nagtatrabaho para masiguro na nakatalaga ang suporta para panatiliin ang mga mag-aaral sa daan.

Para sa indikasyong ito, minamarkahan ng estado ng California ang pagganap ng paaralan at distrito sa iskala ng kulay na mula asul hanggang pula -- na ang asul ay ang pinakamataas na pagganap at ang pula ang pinakamababa. Ang markang asul ay nangangahulugan na ang paaralan o ang distrito ay nakapagpanatili o nakakamit ng mataas na antas ng pagtatapos.

Ang mga distrito na kailangang gumawa ng mga pagpapabuti sa pamamaraang ito ay nakikipagtulungan sa tanggapan ng county ng edukasyon sa prosesong tinatawag na Differentiated na Pagtulong. Tinutugunan ng prosesong ito ang mga pangunahing paghamon upang ang mga distrito ay magprogreso sa paninilbihan sa mga mag-aaral sa lugar na ito. Ang indikasyon ng Antas ng Pagtatapos, kabilang ng mga ibang indikasyon sa pagganap, ay bahagi ng Dashboard ng Paaralan sa California na humihigit pa sa mga marka ng pagsusulit para magbigay ng mas kumpletong larawan kung paano natutugunan ng mga paaralan at distrito ang mga pangangailangan ng aming mga mag-aaral.

Para matuto pa tungkol sa Dashboard ng Paaralan sa California at mga indikasyon nito, pumunta sa acoef.org at hanapin ang “dashboard.”

Academic Performance

Akademikong Pagganap.

Nasa daan ba ang mga mag-aaral sa distrito niyo patungong pagtugon sa Mga Pamantayan ng Estado ng California sa Ingles at matematika?

Inihahanda ba ng paaralan niyo ang mga mag-aaral sa mga kakayahan at kasangkapang kailangan nila upang akademikong makalamang?

Ang mga sagot sa mga tanong na ito ay sumasailalim sa indikasyon ng “Akademikong Pagganap” ng Dashboard ng Paaralan sa California. Ang Dashboard ay isang online tool na tumutulong sa ating maunawaan kung paano gumaganap ang mga paaralan at distrito, at kung saan maaaring kailanganin ang pagpapabuti.

Malapitan nating tingnan ang indikasyon ng Akademikong Pagganap, at tingnan kung paano susukatin ang nakamit ng distrito ng paaralan niyo.

Sinusukat ng Akademikong Pagganap ang akademikong progreso ng mga mag-aaral sa ika-3 hanggang ika-8 at ika-11 baitang sa literasiya at matematika. Ang indikasyong ito ay batay sa mga resulta mula sa Mas Matalinong Balanseng Buod na Pagtatasa na mga pagsusulit sa pagtatapos ng taon na nakaayon sa Mga Pamantayan ng Estado ng California para sa Ingles at matematika.

Para sa Indikasyon ng Akademikong Pagganap, minamarkahan ng mga estado ang pagganap ng distrito at paaralan sa iskala ng kulay na mula asul hanggang pula – na ang asul ay ang pinakamataas na pagganap at ang pula ang pinakamababa. Ang markang asul ay nangangahulugan na ang paaralan o ang distrito ay nakapagpanatili o nakakamit ng mataas na pagganap sa Sining ng Wikang Ingles at Matematikang pagtatasa.

Ang mga distrito na kailangang gumawa ng mga pagpapabuti sa pamamaraang ito ay nakikipagtulungan sa tanggapan ng county ng edukasyon sa prosesong tinatawag na Differentiated na Pagtulong. Tinutugunan ng prosesong ito ang mga pangunahing paghamon upang ang mga distrito ay magprogreso sa paninilbihan sa mga mag-aaral sa lugar na ito. Ang indikasyon ng Akademikong Pagganap, kabilang ng mga ibang indikasyon sa pagganap, ay bahagi ng Dashboard ng Paaralan sa California na humihigit pa sa mga marka ng pagsusulit para magbigay ng mas kumpletong larawan kung paano natutugunan ng mga paaralan at distrito ang mga pangangailangan ng aming mga mag-aaral.

Para matuto pa tungkol sa Dashboard ng Paaralan sa California at mga indikasyon nito, pumunta sa acoef.org at hanapin ang “dashboard.”

English-Learner Progress

Tinutulungan ba ng inyong paaralan ang mga mag-aaral na nag-aaral ng wikang Ingles na makamit ang katastasan sa wika?

Ang mga mag-aaral bang nag-aaral ng wikang Ingles sa paaralan niyo ay binibigyan ng pagtuturo, suporta at dulugang kailangan nila para mapabuti ang katastasan nila sa wika?

Ang mga sagot sa mga tanong na ito ay sumasailalim sa indikasyon ng pagganap ng “Progreso ng Nag-aaral ng Ingles” ng Dashboard ng Paaralan sa California. Ang Dashboard ay isang online tool na tumutulong sa ating maunawaan kung paano gumaganap ang mga paaralan at distrito, at kung saan maaaring kailanganin ang pagpapabuti.

Malapitan nating tingnan ang indikasyon ng Progreso ng Nag-aaral ng Ingles, at tingnan kung paano susukatin ang nakamit ng distrito ng paaralan niyo.

Sinusukat ng indikasyong ito ang progreso ng mga mag-aaral na Nag-aaral ng Ingles patungo sa pakikinig, pagsasalita, pagbabasa at pagsusulat nang matastas sa Ingles. Ang mga resulta para sa indikasyon ito ay kinalap mula sa pagsusulit na Mga Pagtatasa sa Katastasan sa Wikang Ingles para sa California – kung saan sinusuri at pinapangkat sa mga mag-aaral sa apat na lebel ng pagganap:

- Nag-develop nang Kaunti
- Medyo Nag-develop
- Katamtamang Nag-develop at
- Nagdevelop nang Mabuti

Para sa indikasyong ito, minamarkahan ng estado ang pagganap ng distrito at paaralan sa iskala ng kulay na mula asul hanggang pula – na ang asul ay ang pinakamataas na pagganap at ang pula ang pinakamababa. Dito, ang markang asul ay nangangahulugan na ang paaralan o ang distrito ay nagpamalas ng mataas na antas ng paglago sa katastasan sa Ingles ng kanilang mga mag-aaral na Nag-aaral ng Ingles.

Ang mga distrito na kailangang gumawa ng mga pagpapabuti sa pamamaraang ito ay nakikipagtulungan sa tanggapan ng county ng edukasyon sa prosesong tinatawag na Differentiated na Pagtulong. Tinutugunan ng prosesong ito ang mga pangunahing paghamon upang ang mga distrito ay magprogreso sa paninilbihan sa mga mag-aaral sa lugar na ito.

Ang indikasyon ng Progreso ng Nag-aaral ng Ingles, kabilang ng mga ibang indikasyon sa pagganap, ay bahagi ng Dashboard ng Paaralan sa California na humihigit pa sa mga marka ng pagsusulit para magbigay ng mas kumpletong larawan kung paano natutugunan ng mga paaralan at distrito ang mga pangangailangan ng aming mga mag-aaral.

Para matuto pa tungkol sa Dashboard ng Paaralan sa California at mga indikasyon nito, pumunta sa acoef.org at hanapin ang “dashboard.”

Chronic Absenteeism

Nagtatrabaho ba ang inyong paaralan o distrito upang maunawaan ang mga paghamon at usaping hinaharap ng mga mag-aaral na madalas hindi nakapasok sa paaralan?

Pinabubuti ba ng distrito niyo ang antas ng paulit-ulit na hindi pagpasok sa pamamagitan ng mga sistema ng suporta para sa mga mag-aaral?

Ang mga sagot sa mga tanong na ito ay sumasailalim sa indikasyon ng pagganap ng “Paulit-ulit na Hindi Pagpasok” ng Dashboard ng Paaralan sa California. Ang Dashboard ay isang online tool na tumutulong sa ating maunawaan kung paano gumaganap ang mga paaralan at distrito, at kung saan maaaring kailanganin ang pagpapabuti.

Malapitan nating tingnan ang indikasyon ng Paulit-ulit na Hindi Pagpasok, at tingnan kung paano susukatin ang nakamit ng distrito ng paaralan niyo.

Ang indikasyon sa Paulit-ulit na Hindi Pagpasok ay sumusukat sa porsiyento ng mga mag-aaral na paulit-ulit na hindi pumapasok sa taon ng pag-aaral. Tinuturing ang isang mag-aaral na paulit-ulit na hindi pumapasok kung hindi siya pumasok ng hindi bababa sa 10 porsiyento ng mga araw na naka-enroll para pumasok sa paaralan. Sinusukat ng indikasyong ito ang mga mag-aaral sa kindergarten hanggang ika-walong baitang.

Para sa Indikasyon ng Paulit-ulit na Hindi Pagpasok, minamarkahan ng estado ang pagganap ng distrito at paaralan sa iskala ng kulay na mula asul hanggang pula – na ang asul ay ang pinakamataas na pagganap at ang pula ang pinakamababa. Ang markang asul ay nangangahulugan na ang paaralan ay may mababang antas ng paulit-ulit na hindi pagpasok, at nakapagpanatili o napabuti ang antas na iyon mula sa nakaraang taon.

Ang mga distrito na kailangang gumawa ng mga pagpapabuti sa pamamaraang ito ay nakikipagtulungan sa tanggapan ng county ng edukasyon sa prosesong tinatawag na Differentiated na Pagtulong. Tinutugunan ng prosesong ito ang mga pangunahing paghamon upang ang mga distrito ay magprogreso sa paninilbihan sa mga mag-aaral sa lugar na ito.

Ang indikasyon ng Paulit-ulit na Hindi Pagpasok, kabilang ng mga ibang indikasyon sa pagganap, ay bahagi ng Dashboard ng Paaralan sa California na humihigit pa sa mga marka ng pagsusulit para magbigay ng mas kumpletong larawan kung paano natutugunan ng mga paaralan at distrito ang mga pangangailangan ng aming mga mag-aaral.

Para matuto pa tungkol sa Dashboard ng Paaralan sa California at mga indikasyon nito, pumunta sa acoe.org at hanapin ang “dashboard.”

Suspension Rate

Ang mga antas ng pagsuspende ba sa distrito ng paaralan ng anak niyo ay tumataas, bumababa o pareho?

Ang mga antas ba sa pagsuspende ng inyong paaralan o distrito ay mas mataas sa mga partikular na pangkat ng mga mag-aaral?

Nagpapatupad ba ang paaralan mo ng mga pamamaraan para mapabuto ang mga antas ng pagsuspende sa paglipas ng panahon?

Ang mga sagot sa mga tanong na ito ay sumasailalim sa indikasyon ng pagganap ng “Antas ng Pagsuspende” ng Dashboard ng Paaralan sa California. Ang Dashboard ay isang online tool na tumutulong sa ating maunawaan kung paano gumaganap ang mga paaralan at distrito, at kung saan maaaring kailanganin ang pagpapabuti.

Malapitan nating tingnan ang indikasyon ng Antas ng Pagsuspende, at tingnan kung paano susukatin ang nakamit ng distrito ng paaralan niyo.

Sinusukat ng Antas ng Pagsuspende ang porsiyento ng mga mag-aaral na nasuspende nang kahit minsan sa nasabing taon ng pag-aaral, at kung o kung hindi nagbago ang antas sa paglipas ng panahon. Sinusukat ng indikasyong ito ang mga mag-aaral sa kindergarten hanggang ika-12 baitang.

Para sa pagsukat ng Rate ng Pagsuspende, minamarkahan ng estado ang pagganap ng distrito at paaralan sa iskala ng kulay na mula asul hanggang pula – na ang asul ay ang pinakamataas na pagganap at ang pula ang pinakamababa. Dito, ang markang asul ay nangangahulugan na ang paaralan ay may mababang antas ng pagsuspende, at napanatili o napabuto ang antas na iyon mula nakaraang taon.

Ang mga distrito na kailangang gumawa ng mga pagpapabuti sa pamamaraang ito ay nakikipagtulungan sa tanggapan ng county ng edukasyon sa prosesong tinatawag na Differentiated na Pagtulong. Tinutugunan ng prosesong ito ang mga pangunahing paghamon upang ang mga distrito ay magprogreso sa paninilbihan sa mga mag-aaral sa lugar na ito.

Ang indikasyon ng Antas ng Pagsuspende, kabilang ng mga ibang indikasyon sa pagganap, ay bahagi ng Dashboard ng Paaralan sa California na humihigit pa sa mga marka ng pagsusulit para magbigay ng mas kumpletong larawan kung paano natutugunan ng mga paaralan at distrito ang mga pangangailangan ng aming mga mag-aaral.

Para matuto pa tungkol sa Dashboard ng Paaralan sa California at mga indikasyon nito, pumunta sa acoef.org at hanapin ang “dashboard.”